

# Batas ng Tulong sa Komunidad, Pagbawi, at Pagbibigay ng Kapangyarihan

# Talasalitaan ng mga Terminolohiya sa Batas ng CARE (CARE Act)[1]

Ang Batas ng Tulong sa Komunidad, Pagbawi, at Pagbibigay ng Kapangyarihan (Community Assistance, Recovery, and Empowerment, CARE) ay nagpapahintulot sa mga tinukoy na taong nasa hustong gulang na magpetisyon sa hukumang sibil upang lumikha ng boluntaryong kasunduang CARE o inutos-ng-hukuman na plano ng CARE na maaaring kasama ang pagpapagamot, mga mapagkukunan ng pabahay, at iba pang mga serbisyo para sa mga taong may hindi nagamot na schizophrenia at iba pang mga psychotic na sakit.

**Kasunduan ng CARE.** Isang boluntaryong kasunduan ng kabayaran na pinasok ng mga panig. Kabilang sa kasunduan ng CARE ang mga parehong elemento ng plano ng CARE upang suportahan ang tagasagot sa pag-access sa mga serbisyo at suportang nakabase-sa-komunidad.

**Plano ng CARE.** Isang pang-indibidwal, naaangkop na hanay ng mga serbisyo at suportang nakabase sa komunidad, na kinabibilangan ng angkop na klinikal na mga gamot para sa pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali at pagpapanatag, pabahay, at iba pang mga sumusuportang serbisyo, gaya ng naaangkop, alinsunod sa Seksyon 5982 ng Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon (Welfare and Institutions Code, WIC).

**Proseso ng CARE.** Ang hukuman at mga kaugnay na paglilitis[2] upang ipatupad ang Batas ng CARE.

**tagapayo.** Ang abogadong kumakatawan sa tagasagot, na ibinigay alinsunod sa Seksyon 5980 ng WIC o pinili ng tagasagot, sa mga paglilitis sa ilalim ng Batas ng CARE at mga usaping nauugnay sa mga kasunduan ng CARE at mga plano ng CARE.

**ahensya ng county para sa kalusugan ng pag-uugali.** Ang lokal na direktor ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na inilarawan sa Seksyon 5607 ng WIC, ang lokal na direktor sa kalusugan ng pag-uugali, o pareho, gaya ng naaangkop, o ang kanilang itinalaga.

**pagsusuri na inutos-ng-hukuman.** Isang pagsususuri na inutos ng nakatataas na hukuman alinsunod sa Seksyon 5977 ng WIC.

**plano ng pagtatapos.** Isang boluntaryong kasunduan na pinasok ng mga panig sa katapusan ng programa ng CARE na kinabibilangan ng isang istratehiya upang suportahan ang matagumpay na paglipat sa labas ng hurisdiksyon ng hukuman at maaaring kabilang ang isang psychiatric na paunang direktiba. Kabilang sa plano ng pagtatapos ang mga parehong elemento ng plano ng CARE upang suportahan ang tagasagot sa pag-access sa mga serbisyo at suportang nakabase-sa-komunidad. Ang plano ng pagtatapos ay hindi dapat maglagay ng mga karagdagang pangangailangan sa mga lokal na entidad ng pamahalaan at hindi maipapatupad ng hukuman.

**manggagawang nakikipag-ugnayan sa walang tirahan.** Isang taong nakikipagtulungan sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan upang masuri ang mga pangangailangang hindi natutugunan, mag-alok ng impormasyon, mga serbisyo, o iba pang tulong, o magkaloob ng koordinasyon ng pangangalaga.

**Tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan na Indian.** Isang programa ng pangangalagang pangkalusugan na pinatatakbo ng Serbisyong Pangkalusugan ng Indian (Indian Health Service), isang tribong Indian, isang organisasyong pantribo, o organisasyong Indian sa kalunsuran (I/T/U) gaya ng tinukoy sa mga terminong ito sa Seksyon 4 ng Batas ng Indian sa Pagpapabuti ng Pangangalagang Pangkalusugan (Indian Health Care Improvement Act) (Seksyon 1603 ng 25 U.S.C.).

**lisensyadong propesyonal sa kalusugan ng pag-uugali.** Alinman sa (1) lisensyadong propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip, gaya ng tinukoy sa Seksyon 4096 (j) ng WICo (2) isang taongginawaran ng waiver sa mga pangangailangan sa paglilisensya ng kagawaran alinsunod sa Seksyon 5751.2 ng WIC.

**taga-petisyon.**[3] Ang entidad na naghahain ng petisyon sa ilalim ng Batas ng CARE sa hukuman. Dagdag pa rito, kung ang taga-petisyon ay ang taong nakalista sa Seksyon 5974 ng WIC bukod sa direktor ng ahensya ng county para sa kalusugan ng pag-uugali, o ng kanyang itinalaga, ang taga-petisyon ay magkakaroon ng karapatang maghain ng petisyon sa hukuman, ngunit sa unang pagdinig ay hahalili ang hukuman sa direktor ng ahensya ng county para sa kalusugan ng pag-uugali, o sa kanyang itinalaga, ng county kung saan ang mga paglilitis ay nakahain bilang taga-petisyon. Ang taga-petisyon na naghain ng petisyon ay maaaring, sa pagpapasya ng hukuman at sa pagsulong ng mga interes ng tagasagot, ay pananatilihin ang mga karapatan gaya ng inilarawan sa Seksyon 5977(b)(7)(A) ng WIC.

**psychiatric na paunang direktiba.** Isang legal na dokumento, na ipinapatupad nang boluntaryo ng isang taong may kapasidad na gumawa ng mga medikal na desisyon, na nagpapahintulot sa taong may sakit sa pag-iisip na protektahan ang kanyang kalayaan at kakayahang direktahan-ang-pangangalaga-sa sarili sa pamamagitan ng pagdodokumento ng kanyang mga kagustuhan para sa paggamot bago ang krisis sa kalusugan ng pag-iisip.

**tagasagot.** Isang taong napapailalim sa petisyon para sa proseso ng CARE.

**mga gamot na pampapanatag.** Mga gamot na kasama sa plano ng CARE na pangunahing binubuo ng mga antipsychotic na gamot upang mabawasan ang mga sintomas ng halusinasyon, pagkahibang, at hindi organisadong pag-iisip. Ang mga gamot na pampapanatag ay maaaring ibigay bilang matagal-na-umepektong mga iniksyon kung klinikal na inirerekomenda. Ang mga gamot na pampapanatag ay hindi dapat na sapilitang ibibigay.

**tagasuporta.** Ang isang nasa hustong gulang, na itinalaga alinsunod sa Kabanata 4 (nagsisimula sa Seksyon 5980 ng WIC), na tumutulong sa taong napapailalim sa petisyon, na maaaring kabilang ang pagsuporta sa tao upang maunawaan, gumawa, makipag-usap, magpatupad, o kumilos sa sarili nilang mga desisyon sa buhay sa panahon ng proseso ng CARE, kabilang ang kasunduan ng CARE, plano ng CARE, at pagbuo ng plano ng pagtatapos. Hindi dapat kumilos nang independiyente ang tagasuporta.

## Mga Acronym

**CARE** Tulong sa Komunidad, Pagbawi, at Pagbibigay ng Kapangyarihan (Community Assistance, Recovery, and Empowerment)

**CalHHS** Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng California (California Health and Human Services)

**DHCS** Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services)

**JCC** Panghukumang Konseho ng California (Judicial Council of California)

**MHSA** Batas sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip (Mental Health Services Act)

**WIC** Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon (Welfare and Institutions Code)

[1] Ang lahat ng mga kahulugan ay mula sa Seksyon 5971 ng WIC. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang Batas ng CARE.
[2] Kabilang sa mga kaugnay na paglilitis ang pakikibahagi ng ahensya ng county at klinikal na pagsusuri ng ahensya ng county para sa kalusugan ng pag-uugali.
[3] Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga tinukoy na indibidwal na makakapaghain ng mga petisyon, bumisita sa website sa Batas ng CARE ng Panghukumang Konseho ng California o tignan ang Seksyon 5977(b)(7)(A) ng WIC.

Nirebisa noong 03/22/23